# Naniniwala Tayo sa Pagsunod sa mga Batas ng Pamahalaan kung Saan Tayo Nakatira

Basahin ang sumusunod na sitwasyon.

Si Dalia ay nagmimisyon sa isang lugar kung saan hindi pahihintulutan ng pamahalaan ang pagbabahagi ng ebanghelyo sa labas ng isang gusali ng simbahan. Nalulungkot siya dahil alam niya na may mga tao sa lungsod na tatanggap ng ebanghelyo ni Jesucristo kung mas hayagan siyang makapagsasalita tungkol dito. Pinag-iisipan niyang patagong makipag-usap sa mga tao sa kalye upang turuan sila tungkol sa Tagapagligtas.

- Paano ka tutugon sa sitwasyon na ito?


Basahin ang mga sumusunod na materyal, at pag-isipan kung paano nila matutulungan si Dalia na maunawaan kung ano ang nais ipagawa sa kanya ng Ama sa Langit.

Doktrina at mga Tipan 58:21–22

Mga Saligan ng Pananampalataya 1:12

1 Timoteo 2:1–3

Upang makita kung paano tumugon ang Tagapagligtas sa potensyal na alitan sa pagitan ng pamahalaan at relihiyon, basahin ang Mateo 22:15–22 at ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Dallin H. Oaks ng Unang Panguluhan:



> Bagama't pinagpipitaganan ng lahat ang sagradong batas, kinikilala rin ng marami na inorden din ng Diyos ang batas sibil. Iniutos ng Panginoong Jesucristo, "Kaya't ibigay ninyo kay Cesar ang kay Cesar at sa Diyos ang sa Diyos" (Mateo 22:21). Dahil itinuro, dapat nating sundin, hangga't maaari, ang *dalawang* sistemang ito ng batas. Kapag sa wari ay may hindi pagkakatugmma, kailangan nating pagtugmain at balansehin ang mga ito. Kapag sadyang hindi na ito mapagtutugma, dapat tayong makiisa sa iba na may pananaw na katulad ng sa atin at pagsikapang baguhin ang batas sibil upang masunod ang sagradong batas. Sa lahat ng sitwasyon, dapat tayong maging lubos na maingat bago magpasiya—sa mga pinakapambihirang sitwasyon—na mas paboran ang isa kaysa sa isa. (Dallin H. Oaks, "The Boundary between Church and State" [mensaheng ibinigay sa Second Annual Sacramento Court/Clergy Conference, Okt. 20, 2015], newsroom.ChurchofJesusChrist.org)

Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

- Ano ang natutuhan mo na makatutulong kay Dalia na maunawaan na dapat niyang igalang ang mga batas kung saan siya naglilingkod?

- Sa iyong palagay, bakit isang alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo ang pagsunod sa batas kung saan ka nakatira?



© 2025 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_463-1